4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Moddelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 1: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Helengrace A. Lao, Ph.D. (Western Mindanao State University)

**Tagasuri**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre



Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN/ KUWARTER 1/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Mga Kasanayan<br>Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas gamit ang tiyak at relatibong lokasyon<br>Mga Tiyak na Layunin:<br>1 Natutukoy ang tiyak at relatibong lokasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga kalupaan at katubigan na nakapaligid dito.<br>2. Naipaliliwanag ang lokasyong bisinal at lokasyong insular. |
| **D. Nilalaman** | Ang Heograpiya ng Pilipinas<br>a. Tiyak (Absolute) na Lokasyon<br>b. Relatibong Lokasyon |
| **E. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Antonio,E., Banlaygas, E. & Antonio,S. (2018). Kayamanan 4. Rex Printing Company<br>Belarde, R.,Balaoing, J., Barcelon,V., Fajardo, J., Daroni, C., Santos, Fr.S., Garcia, P., Dela Cruz, E., and Villegas, J. Lahing Pilipino Kaagapay sa Ik-21 Siglo. Binagong Edisyon 4. Rex Book Store. |

Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House.

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Puno Ng Karunungan:** Maghahanda ang guro ng malaking larawan ng isang puno na may mga bunga. Sa likod ng mga bunga, isulat ang mga salitang napag-aralan tungkol sa globo at mapa. Magtawag ng mag-aaral upang pumitas ng bunga at ibigay ang kahulugan ng salitang nasa likod nito.<br> | Maaring isulat sa likod ng bunga ang mga salitang:<br>-Globo<br>-Mapa<br>-Latitud<br>-Longhitud<br>- Ekwador<br>- Prime Meridian<br>- Tropiko ng Kanser<br>-Tropiko ng Kaprikorn |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Madalas na ginagamit natin ang mga direksiyon sa pagtukoy sa kinaroroonan ng isang lugar. Paano makatutulong ang kaalaman sa pangunahin at pangalawang direksiyon sa pagtukoy sa absolut o tiyak at relatibong lokasyon ng isang lugar?<br><br><br>Mula sa: Brainy.ph<br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Tiyak na Lokasyon -** ito ay nakabase sa latitude at Longhitud ng isang lugar. Ito ay itinatakda sa pagtiyak ng eksaktong lokasyon ng kabisera nito sa pamamagitan ng latitud at longhitud.<br>**Relatibong Lokasyon –** ang pagbibigay ng direksiyon ay ibinabatay sa mga katabing lugar nito. Ang pagbibigay ng lokasyon ay batay sa position ng lugar.<br>**Grid** – ang lugar sa mapa kung saan nagtatagpo ang mga guhit latitud at longhitud | Ipaskil sa pisara ang larawan ng mga direksiyon. Maaring gumamit ng app na wheel of names sa pagtatawag ng mag-aaral sa pagsagot. |

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Kaugnay na Paksa 1: Tiyak O Absolut At Relatibong Lokasyon**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

   **HALINA'T TUKLASIN!** Ipapakita ang video tungkol sa tiyak at relatibong lokasyon. Maghanda ng mga katanungan para sa mga mag-aaral pagkatapos mapanood ang video.

   **Pagtukoy sa Tiyak at Relatibong Lokasyon**
   https://www.bing.com/ck/a?!&&p=cd1674734696e334JmltdHM9MTcxNjg1NDQwMCZpZ3VpZD0xOTM0NzRkYS1jNmY4LTZiNDctMGQzMS02NWZmYzczNDZhNmYmaW5zaWQ9NTYzMw&ptn=3&ver=2&hsh=3&fclid=193474da-c6f8-6b47-0d31-65ffc7346a6f&psq=ano+ang+tiyak+na+lokasyon%3f&u=a1aHR0cHM6Ly93d3cueW91dHViZS5jb20vd2F0Y2g_dj1FdFd1Q1FUdnR0bw&ntb=1

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Gamit ang inyong mapa, tukuyin ang tiyak at relatibong lokasyon ng mga sumusunod na bansa.

| **Bansa** | **Tiyak na Lokasyon** | **Relatibong Lokasyon** |
|---|---|---|
| 1. Pilipinas | | |
| 2. Korea | | |
| 3. Japan | | |
| 4. Taiwan | | |
| 5. China | | |

**IKALAWANG ARAW**

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

Ipakita lamang ang video tungkol sa tiyak at relatibong lokasyon. Napaloob din sa bidyong ito ang tungkol sa pagbasa ng mapa at iba pang leksyon na may kaugnayan sa pagtukoy ng lokasyon. Ito rin ay makatutulong sa mga mag-aaral upang lubos nilang maintindihan ang tiyak at relatibong lokasyon.

**Mga Tamang Sagot:**
- Latitud
- Longhitud
- Ang mga guhit ay nakatutulong sa

**AKTING, AKSYON!:** Bumuo ng 5 pangkat sa klase. Gumawa ng isang skit tungkol sa pagbibigay ng relatibong lokasyon. Gumamit ng mga bagay na makikita lamang sa loob ng classroom. Pagkatapos ng 20 minuto, itanghal ang skit sa harap ng klase.


| Pangkat | Paksa ukol sa relatibong lokasyon |
|---|---|
| 1 | |
| 2 | |
| 3 | |
| 4 | |
| 5 | |

## IKATLONG ARAW

**Kaugnay na Paksa 2: Ang Lokasyon Ng Pilipinas Sa Mundo At Asya**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**:

   **Pagmasdan!:**
   Tingnan ang larawan ng globo. Makikita dito ang lokasyon ng Pilipinas. Ano ang tawag sa pahalang na guhit na makikita sa globo? Ano naman ang tawag sa nakatayong linya? Ano ang nagagawa ng mga guhit na ito?




Mula sa:

homeworks-edsci.blogspot.com

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

pagtukoy ng kinalalagyan ng isang lugar.

Sabihin sa mga mag-aaral na ang bawat linya sa mapa o globo ay may katumbas na bilang o sukat ng distansya na tinatawag na digri (°).

Ipaalam sa mga mag-aaral na may dalawang paraan ng paglalarawan ng lokasyon ng bansa: INSULAR at BISINAL. Insular ang tawag kung ang paglalarawan sa lokasyon ay batay sa kalapit na anyong tubig; Bisinal naman kung ang batayan ay ang mga katabing anyong-lupa.

**Ikot-Repolyo:** Ihanda ang mapa o globo sa gawaing ito. Ipasa ang papel na repolyo sa mga mag-aaral habang may musikang pinapatugtog, paghinto ng tugtog, babalatan ng may hawak sa papel na repolyo. Ang mga tanong na nasa repolyo ay tungkol sa pagtukoy ng lokasyon ng Pilipinas sa Mundo at Asya gamit ang tiyak at relatibong lokasyon.

Mga Tanong:

1. Tukuyin ang dalawang espesyal na guhit kung saan matatagpuan ang Pilipinas.
2. Ibigay ang tiyak na sukat ng latitud ng kinalalagyan ng Pilipinas.
3. Ibigay ang tiyak na sukat ng longhitud ng kinalalagyan ng Pilipinas.
4. Anong bahagi ng mapa/globo ang kinalalagyan ng Pilipinas kung pagbabasehan ang sukat ng latitude nito?
5. Anong bahagi ng mapa/globo ang kinalalagyan ng Pilipinas kung pagbabasehan ang sukat ng longhitud nito?
6. Ano ang tawag sa lugar sag lobo kung saan nagtatagpo ang mga guhit ng latitude at longhitud.
7. Ano ang tawag sa katumbas na bilang o sukat ng distansya ng mga linya sa mapa o globo.
8. Ano ang tawag sa lokasyon na tinutukoy sa pamamagitan ng paglalarawan sa kinalalagyan ng pook batay sa mga karatig na anyong lupa at anyong tubig?
9. Ano ang tawag sa paglalarawan ng lokasyon ng bansa sa pamamagitan ng mga anyong tubig na nakapaligid dito.
10. Ano ang tawag sa paglalarawan ng lokasyon ng bansa sa pamamagitan ng mga anyong lupa na nakapaligid dito

**3. Paglalapat at Pag-uugnay:**

**Sulat-Isip:** Punan ng tamang sagot ang talaan.

| **BANSA** | **TIYAK NA LOKASYON** | **RELATIBONG LOKASYON** | |
|---|---|---|---|
| | | INSULAR | BISINAL |
| **Halimbawa:**<br><br>Pilipinas | | **Hilaga**: Tsanel ng Bashi | **Hilaga**: Taiwan |

**Mga Tamang Sagot:**
1. Ekwador at Tropic of Cancer
2. pagitan ng 4° at 21° Latitud
3. pagitan ng 116 ° at 127° Longhitud
4. Hilaga
5. Silangan
6. grid
7. digri
8. relatibong lokasyon
9. insular
10. bisinal

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 4°hanggang 21° Latitud Hilaga ng Ekwador<br><br>116° hanggang 127° Longhitud Silangan ng Prime Meridian | **Timog**: Dagat Celebes<br>**Kanluran**: Dagat Kanluran<br>**Silangan:** Karagatang Pasipiko | **Timog**: Indonesia at Malaysia<br>**Kanluran**: Vietnam at Cambodia<br>**Silangan:** Guam |
| 1. China | | | |
| 2. Malaysia | | | |
| 3. France | | | |
| 4. Italy | | | |
| 5. Guam | | | |

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**1. Pabaong Pagkatuto**

Gawing gabay ang kuwadro  sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.

**Bintana ng Pag-Unawa:** Balikan muli ang mga napag-aralang konsepto tungkol sa Tiyak at Relatibong Lokasyon. Punan ng mga kaisipan ang mga kahon.



Tiyak na Lokasyon

| **Kahulugan** | [illegible]**a** | **Kahalagahan** |
|---|---|---|
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| | Kahulugan — Relatibong Lokasyon — Kahalagahan<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Ano ang naranasan habang ginagawa ang mga gawain sa pagkatuto lalong lalo na ang gawain sa pagtukoy ng tiyak at relatibong lokasyon ng isang lugar?____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>Ano naramdaman nang nalaman paano gamitin ang globo at mapa?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Ilista ang mga hinihinging datos. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.<br>**A.** Ilista ang mga katabing bansa ng Pilipinas at pangunahing lokasyon nito.<br>**1.** ________________<br>**2.** ________________<br>**3.** ________________<br>**4.** ________________<br>**B.** Ilista ang mga anyong tubig na nakapaligid sa Pilipinas at pangunahing lokasyon nito.<br>**1.** ________________<br>**2.** ________________ | |

**3.** ____________________________
**4.** ____________________________

**B.** Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa iyong natutuhan sa araling ito.

1. Bakit mahalaga ang mga batayang kaalaman sa direksiyon?______________________________________________________________________________
2. Paano nakatutulong ang mga likhang- isip na guhit sa globo at mapa upang matukoy ang lokasyon ng isang pook?____________________________________________________
3. Ano ang pagkakaiba ng Lokasyong Insular sa Lokasyong Bisinal?_________________________________________________________________________________
4. Ano ang pagkakaiba ng tiyak na lokasyon sa relatibong lokasyon._____________________________________________________________________________
5. Bakit mahalagang makapagbigay ng tamang lokasyon ng isang lugar?

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy |
|---|---|---|---|---|
| | **Estratehiya** | | | |
| | **Kagamitan** | | | |
| | **Pakikilahok ng mga Mag-aaral** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |